Fukushima International Association Spring, 2014

# MAG-KAISA FUKUSHIMA

～ Voices from Fukushima ～

Inyong tunghayan ang aming newsletter GYRO sa mga updates sa kasalukuyang sitwasyon ng Lungsod ng Fukushima at ganoon din ang mga aktibidades ng mga lokal na mamayan at mga naninirahang banyaga.

※Maaari ninyong i-download sa aming homepage ang newsletter na ito.

## Tanawin sa Fukushima

### Pagala-ala sa mga pumanaw na minamahal －Memoryal na Serbisyo



Noong nakaraang Martes 11 ng Marso, ang memoryal na serbisyo parasa mga pumanaw ay ginanap sa Kultural Senter ng Prepektura ng Fukushima.

Ang mga nakaligtas na miyembro ng pamilya ng araw ng sakuna ay pumunta at dumalo para ipagluksa ang mga pumanaw na miyembro ng pamilya. At ng ang oras na 2: 46 ng hapon ay sumapit ang lahat ay tumahimik upang magdasal.

Ang representante ng mga nakaligtas na pamilya ay nag pahayag ng pagdadahamhati para sa mga pumanaw, ang estudyante ng Mataas na Paaralan sa Prepektura ng Fukushima ay gumawa ng tula upang ipahatid ang kanilang damdamin noong araw na maganap ang sakuna. Ang lahat ng mga nagsidalo sa “Memoryal Serbis” ay nakinig ng mabuti sa mga salitang binitiwan ng mga representante.



### Pagpapasigla sa Turismo ng Iwaki－Lighthouse sa Shioyazaki

Pagkaraan ng tatlong taon ang Lighthouse sa Shioyazaki Iwaki ay ibinukas sa publiko noong Sabado 22 ng Febrero.

Para sa mga naninirahan sa Iwaki ang muling pagbubukas ng Lighthouse sa Shioyazaki ay malaking tulong at pag-asa para mapasigla ang mga dumadayong turista. Ngunit ang lugar kung saan nakatayo ang Lighthouse ay siyang tinamaan ng malakas na hampas ng malalaking alon kung kaya hanggang ngayon ay sumasailalim pa ito ng konstrasyon at ang ibang parte ng Lighthouse ay may mga naka pastel pang “Bawal Pumasok”.

**Ang pagtitipon-tipon para ipagdiwang ang 3 taong nakalipas sa sakunang naganap sa Silangang Bahagi ng Hapon**



Ang miyebro ng grupo ng mga Filipino na naninirahan dito sa Hapon na may pangalang tinatawag na Hawak Kamay Fukushima ay bumisita sa mga pansamantalang tirahan para sa mga nagsilikas sa Lunsod ng Date. Kung saan doon ay may 90 pamilya ang pansamantalang naninirahan galing sa baranggay ng Iidate.

Ang grupo ay naghanda ng mga lutong Filipino para ipakain sa mga dumalo at sama-sama silang nag sayawan at nagkantahan sa ginanap na pagdiriwang.

**11 ng Marso, Rwanda Fukushima nag lunsad ng Kawanggawa**




Ang NPO hojin ng Rwanda Fukushima ay nag lunsad ng kawanggawa na nagplaplano tungkol sa edukasyon ay ginanap sa Nihonmatsu at sa Gender Ekwalete Senter sa Prepektura ng Fukushima noong Martes 11 ng Marso. Ang mga representante ay ang mga sumusunod Marie Louise Towari, Janpool Sampton, Aron Nitonga ay nagtanghal at nagpakilala sa iba't-ibang uri ng musika na pinamagatang "Crossing the nation with music tonight.

Bukod dito, ang mga estudyante sa paaralang elementarya ng Sugita sa Nihonmatsu, elementarya ng Timog sa Nihonmatsu, at ang elemetarya ng Hilaga sa Nihonmatsu ay nagbuo ng Koro. Gumawa sila ng kanta na pinamagatang "makapaghatid ng kaligayahan". At inawit nil ito na nagdulot ng kaginhawaan sa mga taong dumalo sa naganap na Kawang- gawa

## Tinig Buhat Sa Fukushima

**Rie Washio (Ipinanganak sa Tsina, babae. Nakatira ngayon sa Lunsod ng Koriyama)**

Dahil sa ako ay nakatira sa baranggay ng Kawauchi, kasama ang aking asawa at mga anak kami ay lumikas at pumunta sa lunsod ng Koriyama. Ngunit dahil sa malayo ang pinagtratrabahuan ng asawa ko sa Koriyama, siya ay namumuhay mag-isa ngayon sa malapit sa pinagtratrabahuan niya. Habang ako at ang tatlo naming anak ay magkakasamang naninirahan na may pag-aalinlangan at hindi pa rin masanay sa pamumuhay sa Koriyama.Nagnanais ako na makapasok sa full-time na trabaho sa lalong madaling panahon.Ngunit hanggang ngayon ay naliligalig parin ako dahil hindi ko pa mabalanse ang pamumuhay ko dito at ang trabaho.Kaya lang mag-buhat ng manirahan kami dito sa Koriyama, marami akong nakilalang mga magulang ng kaklase ng aking anak.Natutunan ko ang pagpapanatili ng magandang relasyon sa kapwa at ang pagtutulungan sa isa't-isa ay napakaimportante bahagi sa pakikibagay. At malaking pasasalamat sa mga tumulong sa akin at hinahangad ko na mapanatili ang magandang relasyon namin na magpatuloy hanggang sa hinaharap.

**Bat-erdene Lkham-Yanjin**
**(Ipinanganak sa Mongolia, babae, nakatira ngayon sa lunsod ng Fukushima)**

Pagkaraan ng nakalakas na lindol noong taon ng 2011, ako ay nagpatala na maging estudyante sa Unibersidad ng Fukushima. Nang taong iyon ay pito lang kaming nga estudyante na sumali sa programang exchange student. Nag-umpisa ang buhay estudyante ko sa Unibersidad na puno ang pag-aalala. Ngunit dahil sa natulungan ako ng kababayan kong estaudyante din dito at pareho ang pinagtapusan naming iskuwelahan sa aming bansa noong high school paunti-unti ay nasanay din ako.At isa pang nakatulong sa akin ay ang pagsali ko sa boluntaryang pag bisita sa mga pansamantalang tirahan ng mga nagsilikas.
Ngayon tumutulong ako sa FIA para ipakilala sa maraming tao ang bansang aking sinilangan, Mongolia. At sa tulong nito ay mas higit kung nakilala ang aking bansa. Isang taon na lang at matatapos na ang pag-aaral ko sa Unibersidad ng Fukushima. At inaasahan kong magawa at maipagpatuloy na makabuluhan ang mga gawaing dapat kung gawin sa natitira ko pang mga araw.

**Tanji Juliet (Ipinanganak sa Pilipinas, babae at nakatira ngayon sa lunsod ng Iwaki)**

Nang makaraan ang napakalakas na lindol na naganap sa Silangang bahagi ng Hapon, ang maliit na samahan ng mga naninirahang Filipino sa Iwaki ay nagtatag ng malaking grupo na tinawag na Komunidad ng Iwaki-Filipino.
Sa ngayon ay may singkuenta-kataong(50) miyembro at buwan buwan ay nag-lulunsad sila ng pagpupulong. Nagpapalitan sila ng mga kuro-kuro at iba’t-ibang impormasyon para mapagyaman ang karunungan sa paninirahan at pamumuhay sa Hapon.

Kamakailan ang Iwaki Community Center ay naglunsad ng English workshops para sa mga nasa ika-lima at ika- anim na grado ng elementarya. Bagama’t ang kakayahan ng bawat isa ay maliit, pag ito ay pinagsama-sama at nagtulong-tulungan masisiguro nating isang matatag at malakas na samahan ang mabubuo nito. Inaasahan ko na sana ay magpatuloy ang ganitong mga aktibidad para sa hinaharap.

## Ang Sukat ng radiation level sa Lungsod ng Fukushima

Ang mga impormasyon ay nakuha sa website ng Pamahalaan ng Fukushima

Ang mga impormasyon sa ibinibigay ng Pamahalaan ng Lungsod ng Fukushima ukol sa radiation level sa ibat-ibang wika tulad ng English,Intsik at Hapon.At ang Fukushima International Association website ay nagbibigay sa wikang nasa itaas at Tagalog,Koreano,at Portuges.

Unit :mikro sievert /oras

| Date<br>Oras ng pagsukat | Fukushima City | Koriyama City | Shirakawa City | Aizu Wakamatsu City | Minami Aizu Town | Minami Soma City | Iwaki City |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| normal na halaga | 0.04 | 0.04-0.06 | 0.04-0.05 | 0.04-0.05 | 0.02-0.04 | 0.05 | 0.05-0.06 |
| 2014.3.20　9:00 | 0.28 | 0.15 | 0.11 | 0.07 | 0.04 | 0.13 | 0.08 |
| Measurement device | MMP | MMP | MMP | MMP | MMP | MMP | MMP |
| Direksiyon at Distansiya from 1st power plant | Hilaga Kanluran About 63km | Kanluran About 58km | Timog Kanluran About 81km | Kanluran About 98km | Kanluran Timog Kanluran About 115km | Hilaga About 24km | Timog Timog Kanluran About 43km |

※Ang sukat ng Radiation level sa Lungsod ng Fukushima ay nakuha sa paradahan ng sasakyan sa hilagang bahagi ng Kenpoku District Health and welfare Office.Ang lungsod ng Koriyama ay kinuhanan sa parahadahan ng sasakyan sa timog ng Koriyama Government Office complex.

## FIA Impormasyon

**○Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima**

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon sa ibat –ibang wika.

- Ang linguaheng English,Intsik, Hapones ay mula Martes hangang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon
- At para sa mga salitang Korea, Tagalog at Portuguese Tuwing ika- apat at limang Miyerkoles,mula ala una hanggang ala singko ng hapon .Kailangan munang tumawag upang makipag-usap sa kinauukulan.

**Publisher　Fukushima International Association**

Address： Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture　960-8103

TEL：024-524-1315　FAX：024-521-8308

E-mail：info@worldvillage.org　URL：http://www.worldvillage.org